

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-21 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 HUNYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY HAPPY VALLEY.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

KAPASYAHAN BLG. 043
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING HUKOM NG PAMBAYANG HUKUMAN NG PAGLILITIS NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. RODOLFO T. TESTON.

- SAPAGKA'T ang atas ng Maykapal na pagmamahal sa ating kapwa-tao ay naipakikita at naisasagawa sa maraming kaparaanan, isa na rito ang paglilingkod sa publiko sa mga ahensya ng ating pamahalaan;
- SAPAGKA'T ang namayapang Kgg. Rodolfo T. Teston ay naging lingkod-bayan sa mga ahensya ng ating pamahalaan bilang puno ng Kagawaran ng Rentas Internas, ng Komisyon ng Halalan at bilang Hukom sa Pambayang Hukuman ng Paglilitis ng bayang ito;
- SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan, siya ay nagsilbing haligi ng katarungan, katotohanan at katapatan sa pagsasagawa ng kanyang tungkulin at responsibilidad sa taong-bayan sa pamamagitan ng paggawad ng hustisya na walang kinikilingang uri ng tao, antas sa lipunan, kredo at iba pang pamantayan sa buhay;
- SAPAGKA'T sa loob ng panahong ito siya ay minahal at iginalang ng mga taong nabigyan niya ng katarungan, ng mga naimulat at naituwid ang mga kaisipan at mga landasin sa pamamagitan ng kanyang makatao at makaamang pamamagitan at pamamatnubay sa pagdinig at pagbibigay ng karampatang aksyon sa mga usapin;
- SAPAGKA'T sa mga kababayang taga-Roxas, siya ay isang pinagpipitaganang namumuno at lider na ang mga opinyon, kurukuro at payo ay pinakikinggan at isinasalang-alang;

- SAPAGKA'T si Kgg. Rodolfo T. Teston ay isang mapagpala at mapagmahal na ama ng pamilya na ang buhay ay inilaan sa kabutihan, kaayusan at kapayapaan ng kanilang tahanan;
- SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa mga taong nagmamahal at umaasa sa kanyang pamamatnubay at pagkandili;
- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito at ang pamunuan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at namimighati sa pagpanaw ng isang ama, isang kapatid at isang kaibigan.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapsyang ito na ipaabot ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng lahat ng namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa mga naulila ng namayapang dating Hukom ng Pambayang Hukuman ng Paglilitis, Kgg. Rodolfo T. Teston.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga anak at pamilya ng namayapang dating Hukom Rodolfo T. Teston lakip ang taupusong pakikidalamhati at pakikiramay.

Pinagtibay ng lahat. 07 Hunyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/